

# HUWAG MAGDALA NG PESTE!

Tumulong na protektahan ang natatanging kapaligiran ng Antarctica mula sa mga non-native na specie.

Ipinagbabawal ng Antarctic Treaty ang pagpapapasok ng mga non-native na specie sa Antarctica. Bilang panauhin sa Antarctic, mayroon kang mahalagang papel sa pagprotekta sa natatanging kapaligiran ng puting kontinente. Salamat sa paggawa ng iyong bahagi!

## NANGANGANIB ANG ANTARCTICA

Ang mga non-native na specie ay mga organismong hindi natural na matatagpuan sa isang lugar at kadalasang nauugnay sa aktibidad ng tao. May mga direkta at hindi direktang epekto ang mga ito sa Antarctic ecosystem na naidokumento sa maraming rehiyon sa Antarctic.

Kasama sa mga halimbawa ng mga non-native na specie at kaugnay na item ang, ngunit hindi limitado sa:

- Mga halaman: Mga buto, bulaklak, ugat, dahon, tuyong halaman
- Mga hayop: Mga daga, insekto, balahibo
- Lupa: Putik, dumi, mga bato
- Mga napakaliit na organismo : Bacteria, yeast


## BAGO KA UMALIS NG BAHAY:

### SIYASATIN AT LINISIN ANG IYONG GEAR

Siyasatin at linisin ang iyong mga gamit bago ka umalis ng bahay. Ito ay magbibigay-daan sa iyong matugunan ang mga hakbang sa bio-security sa mga bansang dadaanan mo at mahalaga ito bago sumakay sa iyong flight o vessel patungong Antarctica. Kung ikaw ay nagsagawa ng trekking, backpacking, guiding, hiking, o bumisita sa mga bukid bago ang iyong biyahe, lalo itong mahalaga.

Suriing mabuti at linisin ang lahat ng pinaplano mong dalhin. Maaaring sumama ang mga non-native na specie sa maraming uri ng gear kabilang ang:

- Mga bota at sapatos
- Pantalon/punyas ng pantalon
- Mga bulsa
- Velcro®, balahibo ng tupa, at panlabas na damit. Ipinagbabawal na magdala ng anumang damit o kagamitan na may Velcro.
- Mga backpack, bag ng camera
- Mga kagamitan sa labas, kabilang ang kagamitan sa pananaliksik
- Mga hiking pole, tripod



## KAPAG NASA ANTARCTICA / SUB-ANTARCTIC:

### PIGILAN ANG CROSS-CONTAMINATION

Mahalagang iwasan ang pagdadala ng anumang specie sa pagitan ng mga lokasyon sa loob ng Antarctica at ng sub-Antarctic. Palaging siyasatin ang iyong kagamitan sa pagitan ng mga lokasyon at linisin ito upang mabawasan ang potensyal na kumalat ang mga specie nang hindi sinasadya.

**Kapag naglalakbay sa isang vessel** at nakikilahok sa mga pagdaong sa baybayin, gamitin ang on-board na istasyon ng "boot wash" upang linisin at i-disinfect ang mga bota, damit, hiking pole, traction device, atbp., bago pumunta sa pampang at kapag bumalik ka sa barko.

[WWW.IAATO.ORG](http://WWW.IAATO.ORG)

Gustong pasalamatan ng IAATO ang United States Antarctic Program at ang National Science Foundation para sa kanilang tulong sa paggawa ng dokumentong ito.



Ang istasyon ng boot-washing ay isang pasilidad sa vessel, sa bungad ng gangway, o malapit sa pinapasukan ng mga pasahero sa barko. Binibigyang-daan nito ang mga kawani, crew, at mga panauhin na lubusang mag-disinfect, magkuskos, at maglinis ng mga dumi mula sa mga bota at damit, na nagtitiyak ng kumpletong pag-decontaminate. Ang disinfectant ay hindi dapat banlawan ngunit hayaang matuyo nang lubusan sa mga damit.

**Ang mga non-native na specie ay maaaring napakaliit** at hindi laging nakikita ng mata lamang kaya mangyaring gawin ang iyong makakaya upang maglinis nang lubusan.

**Mag-ingat kapag naglalakad** sa mga lugar na may organic matter dahil madali itong maipapasa sa iba pang sensitibong lugar. Subukang huwag maglagay ng kagamitan sa lupa. Ang anumang bagay na madidikit sa lupa, tulad ng mga backpack, ay kailangang suriin at i-disinfect.

## MGA HAKBANG PARA PROTEKTAHAN

### ANG ANTARCTIC AT SUB-ANTARCTIC



#### 1. Linisin At Suriin ang Iyong Gear sa pagitan ng mga pagdaong, kampo, at rehiyon

Kabilang dito ang mga bota, lalagyan ng kagamitan, day pack, damit, at saanpamang maaaring pagtaguan ng mga non-native na specie. Kung lumilipat-lipat ka sa mga site, kampo, o rehiyon, linisin nang lubusan ang damit at gear bago umalis sa site at gumamit ng disinfectant wash. Tiyaking natutuyo ang disinfectant sa mga bota at kagamitan sa pagitan ng mga pagdaong.



#### 2. Mag-ulat ng "Peste"

Ang lahat ng non-native na specie ay itinuturing na "mga peste" sa kapaligiran ng Antarctic. Sabihin sa iyong mga gabay kung sa tingin mo ay may nakita kang non-native na specie. Makikipag-ugnayan ang iyong mga gabay sa [environmental@usap.gov](mailto:environmental@usap.gov) upang iulat ang anumang matutuklasang non-native na specie.



#### 3. Ipamalita

Ibahagi ang impormasyong ito sa iba. Nag-aambag tayong lahat sa kalusugan ng kapaligiran ng Antarctic!

